

Ika-1 ng Nobyembre, 2021

Minamahal na mga Pamilya ng ASD,

Maligayang Nobyembre! Sa pagpasok natin sa ikalawang quarter, mayroon akong bagong impormasyon tungkol sa mga aksyon ng ASD patungkol sa patuloy na pandemya.

Inaasahang Pagiging Karapat-dapat ng Pfizer para sa mga batang edad lima at pataas

Inaasahan ng ASD na ang mga bata sa edad na lima ay magiging karapat-dapat para sa pagbabakuna laban sa COVID-19 sa mga darating na araw. Ito ay magbibigay daan sa pagiging karapat-dapat sa mga humigit kumulang sa 21,000 na mga mag-aaral sa ASD. Ang Distrito ay naghahanda ng malakihang mga klinika sa pagbabakuna upang suportahan ang mga pamilyang ***pipili na*** magbabakuna. Inuulit ko, binibigyang diin ***ang pagpili nang may pahintulot ng magulang***. Ang mga panloob na klinika ay gaganapin sa Education Center, na matatagpuan sa intersection ng Boniface at East Northern Lights, at magkakaroon ng ilang mga klinika sa Sabado sa mga high school sites. Sinadya namin na i-iskedyul ang mga klinika sa mga oras ng gabi at katapusan ng linggo upang mapaunlakan ang mga iskedyul ng pamilya. Walk-in lang ang mga klinika, gayunpaman, hinihiling namin sa mga pamilya na kumpletuhin nang maaga ang [COVID-19 Vaccine Consent Form](#) para sa kanilang anak sa Beacon system nang maaga kung maaari. Pakitingnan ang mga detalye [dito](#) para sa mga petsa, oras, at lokasyon.

Ang pagbibigay ng bakuna sa mga bagong pangkat ng mga mag-aaral na ito ay magdaragdag sa aming naka patong-patong na plano sa pagpapagaan ng COVID-19. Ang aming pangwakas na layunin ay panatilihin malusog ang mga mag-aaral at kawani sa paaralan; nasasabik kaming idagdag ang karagdagang paraan na ito sa aming kahon upang tumuon sa pag-aaral sa panahon ng pandemya.

Ang Same-day COVID-19 testing ay lumawak sa lahat ng mga paaralan sa pamamagitan ng bagong partnership sa Beechtree Diagnostics

Ikinagagalak kong ibahagi na pagkatapos ng matagumpay na pilot program sa isang lokal na lab, ang COVID-19 testing para sa mga mag-aaral at kawani na may sintomas ay lalawak sa lahat ng mga paaralan ng ASD ngayong linggo. Pinasimulan ng Distrito

ang programa gamit ang Beechtree Diagnostics noong Setyembre at Oktubre sa aming "big 8" high schools, at dahan-dahan naming pinalawak ang programa. Sa linggong ito, ang bawat paaralan na mayroong nars ay magkakaroon ng mga kagamitan upang ma-test ang mga mag-aaral. Ang aksyon na ito ay ginawa dahil napakaraming mag-aaral at kawani ang kailangang wala sa paaralan ng mahabang panahon habang naghihintay ng mga resulta ng test. Ganito ito ginagawa:

- Ang mga nars ng paaralan ay kumukuha ng swab sa ilong o laway na ipapadala ng isang tagadala sa Beechtree Diagnostics pagtatapos ng araw ng paaralan.
- Ang RT-PCR test na ito ay ginagawa lamang nang **may pahintulot ng magulang**; ang magulang/tagapag-alaga ay nagrerehistro sa Beechtree, pagkatapos ay pipiliin kung paano nila gustong makatanggap ng resulta ng test, alinman sa pamamagitan ng text o email.
- Aabisuhan din ang nars ng paaralan; ang mga resulta ng test ay karaniwang magagamit nang gabing iyon, na nagpapahintulot sa mga pamilya na mas malalaman kung ang kanilang mag-aaral ay dapat pumasok sa paaralan sa susunod na araw.
- Ang opsyong ito para sa testing ay magagamit ng mga kawani at mag-aaral na may nagpapakita ng sintomas at nalantad (aka malapit na kontak) na kawani at mga mag-aaral.

Kung mayroon kayong mga katanungan kung ano ang gagawin kung masama ang pakiramdam ng inyong mag-aaral, o kung kailan maaaring bumalik sa paaralan ang isang mag-aaral na may sakit, mangyaring sumangguni sa aming pinakabagong [Health Screening Guidelines](#) para sa mga pamilya.

Update sa Nasuspindeng Mga Ruta ng Bus

Bagama't gumagawa kami ng mahusay na mga hakbang sa pagkakaroon ng pagbabakuna at sa testing, kami ay umuusad nang mas mabagal sa pagtaas ng bilang ng aming manggagawa, partikular sa aming departamento ng transportasyon. Bagama't ang aming mga pagsisikap na kumuha ng karagdagang mga tauhan ay mukhang maaasahan, kami ay naghahanda ng dalawang karagdagang pangkat ng mga nasuspindeng mga ruta ng bus sa kaganapan na magpapatuloy ang kakulangan ng mga tauhan. Umaasa ako na mabigyan kayo ng mas maraming paunang abiso hangga't maaari. Kinikilala ko na ang mga pagbabagong ito sa inyong pang-araw-araw na gawain ay nakababahala.

Noong unang inanunsyo ng Distrito ang mga nasuspindeng ruta ng bus noong Agosto, nagplano kami ng apat na pangkat na bawa't isa ay makakaranas ng tatlong linggong

pagsususpende ng serbisyo. Kung kinakailangan, ipapatupad [ang ikalima at ikaanim na pangkat](#), na sinuspinde ang Pangkat 5 mula sa ika-22 ng Nob. hanggang sa ika- 10 ng Disyembre at sinuspinde ang Pangkat 6 mula sa ika-13 ng Disyembre hanggang ika- 7 ng Enero. Ang paunang abiso na ito ay inilaan upang bigyan ng oras ang mga pamilya na magplano at maghanda para sa pansamantalang pagsususpende.

Gayunpaman, may liwanag sa dulo ng lagusan! Ipinagpapatuloy ng ASD ang isang agresibong kampanya sa recruitment na kinabibilangan ng mga bonus sa mga bagong kawani at mga bonus ng referral para sa mga kasalukuyang empleyado. Noong una naming sinimulan ang mga nasuspendeng mga ruta, may humigit-kumulang 50 bakanteng posisyon ng driver ng bus. Mula noon ay nakagawa na kami ng progreso sa pagtanggap. Tatlong bagong natanggap ang katatapos lang ng kanilang pagsasanay, at anim na karagdagang tao ang masigasig na nagsasanay. Ang aming layunin ay makuha ang mga nasuspendeng mga ruta at hindi kailangang ipatupad ang mga pangkat na lima o anim. Kung may magbabago, makikipag-ugnayan kami sa mga pamilyang apektado sa mga pangkat na iyon.

Bagama't patuloy kong ipapadala ang dalawang beses buwanang update na ito, gusto ko ring idirekta kayo sa aming pahina ng [Mga Patok na Paksa](#), kung saan ang napapanahong impormasyon ay nai-post habang nangyayari ang mga kaganapan.

Sa pagpasok natin sa panahon ng pasasalamat, nais kong pasalamat ang mga magulang ng ASD, lolo't lola, tiyahin at tiyuhin, at lahat ng nasa hustong gulang na sumusuporta sa ating mga mag-aaral - salamat po sa inyong pakikipagtulungan at kakayahang umangkop. Habang naabot ng inyong mga mag-aaral ang mga bagong pag-unlad sa kanilang pag-aaral, kayo bilang kanilang sistema ng suporta ay karapat-dapat din ang pagkilala para sa magandang grado na iyon, bituin sa natapos na trabaho, o puwesto sa honor roll. Alam namin na ang pinakamagandang lugar para sa mga bata ay sa kanilang regular na kapaligiran sa paaralan kung saan sila natututo at lumalaki; sama-sama nating nilabanan ang unos upang mapanatiling malusog ang mga bata at mga kawani sa paaralan.

Cheers,

Deena Bishop, Ed.D.
Superintendente

[Link to the English version](#)